KAPITAN at KONSEHO ng BARANGAY
MAKIISA, KUMILOS NA!

Iligtas and Batang Pinoy, Suportahan ang Garantsidong Pambata, sa Abril 12-16, 2010 at Oktubre 11-15, 2010

Suportahan natin ang Garantisadong Pambata upang mailigtas ang may 82,000 sanggol at mga batang maaaring mamatay bago sila umabot sa limang taong gulang.

Ang GP ay isang kampanyang pangkalusugan para sa mga bata may limang taong gulang pababa, na naglalayong mapanatiling malakas at malusog ang mga bata, at maiwasan na sila'y magkasakit.
Ang GP ay mayroong **4-in-1 package:**

1. **B**itamina A - pagbibigay ng Bitamina A (Vitamin A) para lumakas ng resistensya ng bata.
2. **B**akuna - pagbabakuna laban sa nakamamatay na TB, hepatitis B, dipterya, tusperina, tetano, polio at tigdas.
3. **B**ata Purgahin - Pagpupurga para matanggal ang mga bulate ng mga bata.
4. **B**umisita sa Health Center – para mabigyan ng karagdagang kaalaman tungkol sa "Mga Paraan Para Mailigtas ang mga Bata"

Kumilos Na Tayo! Ipakita ang Suporta!

- Siguruhing may sapat na supply ng "Bitamina A" sa Barangay Health Station. May supply para sa mga bata mula sa pamahalaan ngunit kailangang bumili ang LGU ng supply para sa mga nanay na kapapanganak lang.
- Maglaan ng pondo na pangsuporta sa GP tulad ng pamasahe, pagkain at iba pang pangangailangan ang inyong BHWs na pupunta sa malalayong sitio/purok.
- Maglaan din ng kaunting pondo at kagamitan para sa mga pagpupulong at pagsubaybay (monitoring) ng GP.
- Mag-organisa at sumama sa mga aktibidad katulad ng launching ng GP at paggawa at pamimigay ng mga babasahin na maiintindihan ng inyong mga kabarangay.

ANG GP AY MAKAKATULONG sa INYONG BARANGAY.

Ang dating pondo para sa mamahaling gamot ay maaari na ninyong gamitin para sa pagsasaayos ng inyong HEALTH CENTER at pagbili ng ibang mga kagamitan.

KAPITAN at KONSEHO ng BARANGAY

MAKIISA, KUMILOS NA!